# 5 minutong ang halaga ay isang BUHAY



PH

PAG-SCREEN NG CERVIX
SA EMILIA ROMAGNA

## ANO ANG CERVICAL SCREENING?

Ginagawang posible ng pag-screen na **mapigilan ang mga kanser sa cervix** sa pamamagitan ng paggamot sa mga lesion (sugat) na maaaring maging kanser at bawasan ang posibilidad na mamatay sa pamamagitan ng **maagang pagdetekta** ng mga kanser sa cervix.

Ang pag-screen ay para sa lahat na babaeng residente, na nananahan at pinangangalagaan sa Emilia-Romagna, na iniimbita bawat tatlong taon para sa Pap test sa pagitan ng mga edad na 25 at 29 taon (kung hindi bakunado laban sa HPV) at isang pagsusuri sa HPV bawat limang taon sa pagitan ng mga edad na 30 at 64 taon. Ang pagsusuring screening ay **simple, libre at aabutin lang ng ilang minuto**.

## BAKIT KAILANGANG SUMALI SA SCREENING?

Para mapangalagaan ka at kalusugan mo Bilang resulta ng pag-screen, **naging mas madalang na ang kanser sa cervix**. Ang buong proseso ng pag-screen **ay libre at organisado**, mula sa pagsusuri hanggang sa anumang paggagamot at mga kasunod na pag-follow up.

SALAMAT SA PAG-SCREEN NG CERVIX

**- 40%** mga bagong kanser

**- 50%** posibilidad na mamatay

## ANO ANG PAP TEST?

Kasama sa isang Pap test ang maingat na **pagkolekta ng mga selula** mula sa cervix gamit ang isang maliit na spatula at brush; pagkatapos ay inaanalisa ang materyal sa ilalim ng microscope para madetekta **ang anumang pagbabago** na dulot ng HPV virus.

## ANO ANG HPV TEST?

Isinasagawa ang pagsusuri para sa HPV sa materyal na kinuha katulad ng sa Pap test at **tinitingnan kung may presensya** ng ilang uri ng **papilloma virus (high-risk HPV)**, ang dahilan ng napaka-karaniwang impeksyon na naisasalin sa pakikipagtalik. Karamihan ng kababaihan ay gumagaling agad (walang mabisang paggagamot), pero ang virus, kapag nanatili, ay maaaring, sa minorya ng mga kaso, magdulot ng mga sugat sa cervix na maaaring unti-unting maging kanser.

## BAKIT MAS MAHUSAY NA PROTEKSIYON ANG NAIBIBIGAY NG HPV TEST KAYSA SA PAP TEST?

Maraming pag-aaral ang nagpakita na, kung ihahambing sa isang Pap test, ang HPV test ay **nakahahanap ng mas maraming sugat sa cervix, nang mas maaga**. Kaya sapat ang pag-ulit dito bawat limang taon kaysa sa bawat tatlong taon, para sa Pap test.

## BAKIT INIREREKOMENDA ANG HPV TEST MULA SA EDAD NA 30 LANG?

Dahil sa mas nakababatang kababaihan, napaka-karaniwan ng mga impeksyon ng HPV, pero **sa malawak na mayorya ng mga kaso nito ay mabilis itong gumagaling**. Ang pag-screen ng HPV sa mga babaeng wala pang 30 ay nauuwi sa pagtuklas, at paggamot, sa mga sugat na agaran namang nawawala.

*Salamat sa mabisang proteksiyon na mula sa bakuna laban sa HPV, laaht ng batang babae, **na ipinanganak mula 1998** na nakatanggap ng dalawang dosis ng bakuna bago mag-15 anyos ay iimbitahan para sa kanilang **unang screening test sa edad na 30** at hindi na sa edad na 25.*

## WALANG BAKUNA AT NASA PAGITAN NG EDAD NA 25 AT 29?

**PAP TEST**

- **NEGATIBONG PAP TEST**
  - **TUGON NA IPAPADALA SA PAMAMAGITAN NG KOREO/ ELEKTRONIKONG RECORD NG KALUSUGAN**
  - **IMBITASYON NA MULING MAGPASURI** pagkalipas ng 3 taon
- **POSITIBONG PAP TEST**
  - **COLPOSCOPY***

**Ang colposcopy ay isang libre, walang-sakit na checkup para madetekta ang anumang sugat na kailangang gamutin.*

**Hindi nadedetekta ng pag-screen ang iba pang gynecological na sakit:** bigyang pansin ang pagsimula ng anumang sintomas o reklamo at, kung kinakailangan, kumonsulta sa doktor mo.

## NASA PAGITAN NG EDAD NA 30 AT 64?

**HPV TEST**

- **NEGATIBONG HPV TEST**
  - **TUGON NA IPAPADALA SA PAMAMAGITAN NG KOREO/ELEKTRONIKONG RECORD NG KALUSUGAN**
  - **IMBITASYON NA MULING MAGPASURI** pagkalipas ng 5 taon
- **POSITIBONG HPV TEST**
  - **PAP TEST SA SAMPLE NA NAUNANG KINUHA**
    - **NEGATIBONG PAP TEST**
      - **HPV TEST** pagkalipas ng 1 taon
        - **HPV TEST negatibo**
          - **PAG-SCREEN** pagkalipas ng 5 taon
        - **HPV TEST positibo**
          - **COLPOSCOPY***
    - **POSITIBONG PAP TEST**
      - **COLPOSCOPY***

### NATUTUKOY SA PAG-SCREEN ANG:

**1** positibong HPV test **para sa bawat 12** babaeng sinuri
**1** sugat na maaaring maging kanser **para sa bawat 132** babaeng sinuri
**1** tumor **kada 5,000** babaeng sinuri

Dumating sa appointment:
limang minuto, bawas sa alalahanin mo.

### NAGHAHANAP NG DAGDAG NA INFO?

Bumisita sa page

### Makatatawag ka sa amin

*Numero Verde*
800 033 033

mula Lunes hanggang Biyernes 8.30 am – 6.00 pm
Tuwing Sabado: 8.30 am – 1.00 pm

Regione Emilia-Romagna
SERVIZIO SANITARIO REGIONALE EMILIA-ROMAGNA
screening femminili
UNA SEMPLICE SANA ABITUDINE